P 20.00 | Tomo 5 Bilang 2 | ISSN No. 2599-5405 | Marso - Abril 2018

# SULONG!

Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI



# CMDI, nagdaos ng kauna-unahang pagtatapos ▶ 2

**PANREHIYON**
Pagyakap sa makabagong teknolohiya ▶ 5



**PANG-EDUKASYON**
Libreng matrikula ng mga estudyante, ibibigay sa State Universities ▶ 9

**KUWENTO NG TAGUMPAY**
Siya na hindi sumusuko sa laban ▶ 10





CaMIA, Top 2 Producer Agent ng 2017 ▶ 2

## CARD MRI, isasakatuparan ang programang Shari'ah financing

ni Raffy Antes

Sinimulan na noong Pebrero 2018 ng CARD MRI, sa pamamagitan ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO), ang *pilot implementation* ng Shari'ah-inspired *microfinance program* o ang "Paglambo Project" (Development Project). Ang proyekto ay sumusunod sa mga pamantayan ng Murabahah, isang *cost plus margin sale* na kasunduan. ▶ 3



## CARD MRI, nagdaos ng Kaunlaran Caravan sa Quirino

ni Jeffrey Tandingan

Nakatanggap ang lokal na komunidad ng Diffun, Quirino ng mga serbisyong pangkalusugan, *financial literacy* para sa mga anak ng miyembro, oryentasyon ukol sa SSS, *seminar* sa pagpaplano ng pamilya, *livelihood trainings*, at *insurance awareness* noong Marso 23, 2018 sa pamamagitan ng mga institusyon sa ilalim ng CARD MRI. ▶ 5



## BotiCARD, isasakatuparan ang community-based pharmacy practice

ni Derick Licop

Nakatakdang ipatupad ng BotiCARD, Inc. ang isang *community-based pharmacy practice* sa mga komunidad sa kanayunan upang makapagdala ng abot-kayang mga gamot na mas malapit at mas mapupuntahan ng mga tao. Ang unang *pilot-testing* ng *community-based pharmacy practice* ay magaganap sa bayan ng Dolores, Quezon. ▶ 4




## Mga Core Values ng CARD MRI na aking pinanghahawakan

ni Aristopher Punzalan

Malungkot man pero dahil sa atas ng tungkulin, kailangan kong maging bukas sa mga oportunidad at pagkakataong ibinibigay sa akin. Palagi ko na lamang tinatandaan ang tatlong *core values* na natutuhan ko sa CARD MRI - ang *family spirit*, *integrity*, at *stewardship*. Taglay ang tatlong ito ay nagiging produktibo ako sa aking trabaho. ▶ 12



*Ang CARD MRI ay isang organisasyong tumutulong sa pamilyang Pilipino upang makabangon mula sa kahirapan.*





*20 M.L. Quezon St., City Subdivision, 4000 San Pablo City, Laguna*

*Like us on Facebook*

*CARD Mutually Reinforcing Institutions*

*www.facebook.com/CARDMutuallyReinforcingInstitutions/*

*Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa*

*(049) 562-4309*

*Scan this QR code to visit CARD MRI website*

# CMDI, nagdaos ng kauna-unahang pagtatapos

ni RAFFY ANTES

Walumpu't walong mag-aaral sa mataas na paaralan at 18 estudyante sa kolehiyo ng CARD-MRI Development Institute (CMDI) sa Bay Campus at 51 *senior high school students* sa Tagum Campus ang nagsipagtapos noong ika-14 at ika-17 ng Abril 2018, ayon sa pagkakabanggit. Sila ang unang *batch* ng mga nagsipagtapos sa CMDI simula nang ito ay mairehistro bilang *tertiary* at *secondary institution* noong 2015 at 2016.

"Ang aming 18 mag-aaral sa kolehiyo na nagsipagtapos ay mga *transferee* at nagtapos na ng ikalawang taon sa kolehiyo sa ibang mga paaralan," sabi ni Deverna dT. Briones, vice president for Administration and Academic Affairs (VPAAA) ng CMDI.

**Ang Pagsisimula**

Binuksan ng CMDI ang pintuan nito sa publiko noong 2000 bilang isang *training center*. Nakatulong ito upang mahubog ang kakayahan ng mga kliyente at miyembro ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI). Noong 2015, inaprubahan ng Commission on Higher Education (CHED) ang aplikasyon ng CMDI bilang isang *tertiary educational institution*, at naging kauna-unahang *tertiary institution* na naitatag sa bayan ng Bay sa Laguna. Pagkaraan ng isang taon, ipinagkaloob ng Department of Education (DepEd) sa CMDI ang permiso na magpatakbo ng isang *secondary institution* kung saan pinahihintulutang mag-alok ng mga *track* ng Senior High School (SHS).

**Paghubog sa mga bagong pinuno**

Ang unang kursong inalok ng CMDI noong 2015 ay ang Bachelor of Science (B.S.) in Entrepreneurship with specialization in Microfinance na sinundan ng B.S. Information System noong 2017.

Ang dalawang programang ito ay inisyatiba ng CMDI alinsunod sa *social enterprise* ng CARD MRI. Samakatuwid, ayon kay VPAAA Briones, ang mga trabaho at negosyo ay naghihintay na para sa mga nagsipagtapos at mga magsisipagtapos pa.

Samantala, ang SHS tracks ng CMDI ay Accountancy, Business, and Management (ABM) at Techno-Vocational-Livelihood. Ang mga mag-aaral na nakatala sa mga *track* na ito ay inihahanda para sa mas mataas na edukasyon at pagkuha ng mga kasanayan sa mas maagang panahon. "Kung pipiliin nilang magsimula ng kanilang sariling negosyo o magtrabaho sa isang organisasyon, ang CARD MRI ay bukas para tanggapin ang mga nagtapos para sa tulong pinansyal o trabaho," dagdag ni VPAAA Briones.

"Hangad namin sa CMDI na maghubog ng mga kabataan na makapagpapanatili sa ating misyon na iangat ang antas ng pamumuhay ng mga maralitang pamilya sa bansa," saad ni Flordeliza L. Sarmiento, presidente ng CMDI.

**Magandang Panimula**

Sa kabila ng pagiging bago sa akademya, ang mga programa ng SHS at kolehiyo ng CMDI ay nakapag-uwi na ng mga parangal sa iba't ibang mga pang-akademiko at *non-curricular* na kompetisyon sa labas ng paaralan. Ang departamento ng SHS ay naging kampeon sa unang Accountancy, Business, and Management (ABM) Cup sa lungsod ng Lucena, nakasungkit ng ikaanim na pwesto sa International Social Science Camp - Quiz Bee, at ang pangkalahatang ikalawang pwesto sa UPLB 18th Annual MIND GAMES (ikalawang pwesto sa impromptu speech, ikatlong pwesto sa paggawa ng *poster* at *economics quiz*, at ikaapat na pwesto sa pagsulat ng sanaysay).

Aktibo ring nakikilahok ang CMDI sa iba't ibang kompetisyon sa isports. Sa *district meets* at Tertiary Schools Association (TESA), ang CMDI ay nakakuha ng una at ikalawang puwesto para sa mga lalaki at babae ng larong *volleyball*, unang pwesto rin sa *athletics*, ikalawa at ikatlong pwesto sa *table tennis*, at ikatlong pwesto sa *chess*.

"Ang ipinamalas na kahusayan ng aming mga mag-aaral ay nagpapakita na ang aming mga pagsisikap para sa

▶ 4




## CaMIA, kinilala ng Pacific Cross Philippines bilang Top 2 Producer Agent ng 2017

ni DERICK LICOP

Kinilala ng Pacific Cross Philippines noong Marso 23, 2018 ang CARD MRI Insurance Agency (CaMIA), ang *microinsurance arm* ng CARD MRI bilang Top 2 Producer Agent sa ginanap na Travel Sales Gabi ng Parangal 2018 sa Blue Leaf-Filipinas sa Lungsod ng Parañaque.

Bilang isa sa mga kilalang *insurance providers* sa lokal at rehiyunal na merkado, kinikilala ng Pacific Cross Philippines ang kanilang *top partners*, *top brokers*, at *travel agencies* na malaki na ang naiaambag sa taunang kita ng kanilang kompanya.

"Ang pagkilala sa aming mga *partner* ay isang paraan upang pasalamatan namin sila sa kanilang kontribusyon sa aming kompanya," ayon kay John Eric Mendoza, senior AVP ng Pacific Cross Travel Sales Division.

Ang CaMIA ay isang *travel insurance distributor* ng Pacific Cross Philippines na kilala noon bilang Blue Cross. Sa katunayan, kalimitan sa *travel sales* ng Pacific Cross ay buhat sa mga kawani at miyembro ng *management* at *executive committee* ng CARD MRI.

"Kami, at ang lahat ng bumubuo sa CaMIA ay nagdiriwang dahil sa parangal na aming natanggap. Lubos kaming nagpapasalamat dahil nagkaroon ng katuturan ang aming ginagawa lalo't higit sa pagbibigay ng seguro sa aming mga kliyente," saad ni Vener Abellera, presidente ng CAMIA.

"Ang aming pakikipag-ugnayan sa Pacific Cross Philippines ay mananatili upang makapagbigay seguro sa lahat ng nangangailangan," dagdag niya.

Ang Pacific Cross Philippines ay isang ahensiya na nangunguna sa pagbibigay ng segurong medikal, *travel*, at *accident* na matatagpuan sa ASEAN region samantalang ang CaMIA naman ay isa sa mga *insurance agencies* sa bansa na nagbibigay ng *life* at *non-life* na mga produkto.

Simula pa 2014, magkatuwang na ang CaMIA at Pacific Cross Philippines sa pagbibigay ng mga dekalidad na seguro sa kanilang mga kliyente.



**Magandang balita para sa MFIs ng Pilipinas!** Malaking oportunidad sa pamumuhunan para sa industriya ng *microfinance* sa bansa ang aasahan ayon kay Dr. Jaime Aristotle B. Alip (kaliwa), founder at chairman ng CARD MRI. Sa pagbisita ni Dr. Alip sa Paris, France noong Marso 28, 2018, nakasama niya si Matt Christensen (kanan), na noo'y kapwa niya *board member* sa Oikocredit. Tinalakay nila ang magandang dulot ng mga nakaabang na oportunidad para sa mga institusyon ng *microfinance* sa Pilipinas. Nakatakdang bumisita si Christensen sa bansa sa darating na Hunyo 2018. - ni RAFFY ANTES

# CARD MRI, isasakatuparan ang programang Shari'ah financing

ni RAFFY M. ANTES

Sinimulan na noong Pebrero 2018 ng CARD MRI ang *pilot implementation* ng *Shari'ah-inspired microfinance program* o ang "Paglambo Project".


"Matapos ang masinsinang panahon ng pananaliksik at paglahok sa mga pandaigdigang pagsasanay, nagpasiya ang CARD MRI na simulan ang *pilot-testing* sa proyektong ito bilang bahagi ng misyon nitong bumuo ng isang *financially inclusive* na bansa," sabi ni Dr. Jaime Aristotle B. Alip, founder at chairman ng CARD MRI.

Noong Marso 2018, sa pamamagitan ng *microfinance* NGO ng CARD MRI, ang CARD, Inc. (A Microfinance NGO), ay naitatag ang dalawang yunit sa Marawi, Lanao del Sur, at Shariff Aguak sa Maguindanao. Sa pagsisimula, may 56 na pamilya na ang napabilang sa nasabing proyekto.

Bukod dito, ibinahagi ni Dr. Alip na ang programa ay bahagi ng pakikipag-ugnayan ng CARD MRI sa Peace and Equity Foundation (PEF), Ramon Magsaysay Award Foundation (RMAF), at Dompet Dhuafa Republika.

**Mga serbisyong pampinansyal**

Ang CARD, Inc. ay sumusunod sa mga pamantayan ng Murabahah, isang *cost plus margin sale* na kasunduan. Sa ganitong uri ng *financing*, ang CARD, Inc. ay magbibigay ng pera sa mga kliyente nito na gagamitin upang makabili ng mga produkto para sa kani-kanilang mga negosyo na may isang markadong presyo (*margin*).



"Ang mga produktong ito ay dapat munang makilala at dapat na nakalakip sa kasunduan," sabi ni Flordeliza L. Sarmiento, managing director ng CARD MRI, at idinadagdag na ang kliyente ay dapat magbayad ng prinsipal at *margin* nito sa isang lingguhang batayan na katulad ng kasanayang ginagawa ng CARD MRI pagdating sa pagbabayad.

Bukod dito, ang pagkakaloob ng seguro sa mga Islam, na tinatawag na "Panangga", ay kabilang din sa mga pamantayan ng Murabahah.

**Pagsugpo ng kahirapan, ang paraan ng CARD MRI**

Mahigit 30 taon na ang nakalilipas, ang CARD ay itinatag upang magbigay ng mga serbisyong *financial* at *non-financial* sa mga nangangailangang kababaihan sa lungsod ng San Pablo, Laguna.

Ayon kay Dr. Alip, ang inisyatiba ng pagtatayo ng CARD ay upang higit na bigyang-oportunidad ang mga kababaihan sa komunidad na kanyang kinabibilangan. "Naniniwala ako na ang pagiging *empowered* ay likas na sa mga kababaihan. Kailangan lang nila ng isang sistema na susuporta upang maipagpatuloy ito."

Ang pagbibigay ng mga programa mula sa iba't ibang mga serbisyong pampinasyal sa komunidad na magpapaunlad ng lipunan ay bahagi na nang estratehiya ng CARD MRI sa pagsugpo ng kahirapan sa bansa. "Ang mga serbisyong pampinansyal kasama ng mga programang sumusuporta sa komunidad ang mga dahilan kung bakit ang aming operasyon ay mas nagiging inklusibo," ayon kay Dr. Alip.

Ang CARD MRI ay isang *hall of fame awardee* ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) bilang *financial inclusion champion* sa Pilipinas.

Ang *financial inclusion*, "ay isang estado kung saan may epektibong pagganap sa isang malawak na hanay ng mga serbisyong pampinansyal para sa lahat. Nagdudulot din ito sa pagpapabuti ng kapakanan ng mga mahihirap at paglago ng mga *micro*, *small*, at medium *enterprises*."

Sa ngayon, ang CARD MRI ay may 21 institusyon na may mga operasyon sa buong bansa. Lahat ay kumikilos upang makamit ang *zero extreme poverty* sa Pilipinas. Ayon kay Sarmiento, ang 5-8-40 strategy ay gabay ng CARD MRI sa pagtupad ng mga layunin nito. "Sa 2020, maaabot natin ang 8 milyong kliyente at maiseguro ang 40 milyong indibidwal," pagdidiin ni Sarmiento.

Samakatuwid, ang Paglambo Project ay isang bagong inisyatiba ng CARD MRI tungo sa 5-8-40 strategy. Ayon kay Sarmiento, mas maraming mga yunit ang bubuksan sa mga darating na taon upang mapagserbisyuhan ang lumalagong bilang ng mga kliyente nito.

"Patuloy kaming tutulong at bubuo ng isang *financially inclusive* na Pilipinas, at ito ay, anuman ang iyong katayuan sa lipunan, kasarian, paniniwala, at relihiyon," pagtatapos ni Sarmiento.


SULONG!
Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI

CARD MRI PUBLISHING HOUSE INC.
Ad Rates

| SIZE | INSIDE PAGE EVEN PAGES (B&W) | INSIDE ODD PAGES (B&W) | BACK PAGE (B&W) | FULL COLOR INSIDE EVEN PAGES | FULL COLOR INSIDE ODD PAGES | FULL COLOR BACK PAGE |
|---|---|---|---|---|---|---|
| FULL PAGE | 11,200 | 12,320 | 13,440 | 22,400 | 24,640 | 26,880 |
| CENTER SPREAD | 28,000 | | | | | |
| 1/2 | 5,600 | 6,160 | 6,720 | 11,200 | 12,320 | 13,440 |
| 1/4 | 2,800 | 3,080 | 3,360 | 5,600 | 6,160 | 6,720 |
| 1/8 | 1,400 | 1,540 | 1,680 | 2,800 | 3,080 | 3,360 |

**Note:** Should your advertisements include visible photos of member or their family members, please send us a copy of their photoconsent.

Advertisement with Photos:
File Format: JPEG or PNG
Resolution: 300 dpi

For reservations:
You may contact us cardmri.publishing@gmail.com or call (049) 562-4309 loc. 108



**Place your Ads Now !**

# Pagbuo ng financially inclusive Asia

ni RAFFY ANTES



Nakipagpulong si Dr. Jaime Aristotle B. Alip (gitna), founder at chairman ng CARD MRI kay Thos Giekes (kaliwa), managing director ng Oikocredit ukol sa posibilidad na pag-uugnayan ng dalawang institusyon upang makapagbigay serbisyo sa Cambodia at Indonesia sa larangan ng *microfinance* at *microinsurance*. Kasama rin sa pagpupulong si Ging Ledesma (kanan), director ng Investor Relations and Social Performance ng Oikocredit.

Bumisita sa Oikocredit sa Amersfoort, Netherlands si Dr. Jaime Aristotle B Alip, founder at chairman ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) noong Marso 21, 2018. Tinalakay niya kasama si Thos Gieskes, managing director ng Oikocredit, ang posibleng ugnayan para sa pagbibigay ng serbisyong *microfinance* at *microinsurance* sa Cambodia at Indonesia. Ang CARD MRI ay nagbibigay ng teknikal na tulong sa *microfinance* at *microinsurance* sa nasabing mga bansa.

Bukod dito, nakasama rin nila si Ging Ledesma, director ng Investor Relations and Social Performance ng Oikocredit, na nagbukas ng usapan ukol sa panukalang pasilidad para sa *post-harvest processing* na magpapalakas ng negosyo ng mga kliyente ng CARD MRI lalo't higit sa may mga produktong pang-agrikultura.

Noong Marso 22, nakipagkita rin si Dr. Alip kay Franz Gossen, direktor ng Cordaid upang pag-usapan ang patuloy na pakikipag-ugnayan ng CARD MRI sa *service company* nito sa Myanmar, ang CARD Myanmar Co. Ltd. (CMCL). Ang CMCL ay naitatag noong 2014 at naging kauna-unahang kompanya ng *microfinance* ng CARD MRI sa labas ng Pilipinas.

"Ang aming operasyon sa CMCL pagdating sa *microfinance* ay nakabase sa teknolohiyang ginagamit ng CARD MRI sa Pilipinas. Ito ay tulad ng pagbibigay ng aming mga pinakamahusay na kasanayan mula sa Pilipinas para sa mga Burmese," ayon kay Dr. Alip

Sa parehong araw, nakipagpulong din si Dr. Alip kay Dirk Brouwer ng ASA International para sa pagpapatuloy ng ugnayan ng dalawang kompanya sa pamumuhunan sa mga bansa sa Southeast Asia.

"Dahil sa suporta ng aming mga partner, patuloy ang pagpapalakas ng aming gawain upang masugpo ang kahirapan. Ang lahat ng ito ay paraan namin upang mabuo ang isang *financially inclusive* Asia," pagtatapos ni Dr. Alip.

## CMDI , nagdaos ng kauna-unahang... ◀ 3

kanila ay hindi nasasawalang-bahala," pagbabahagi ni Glenda Lagarile, deputy director ng CMDI.

**Sulong, CMDI!**

Sa mga susunod na taon, nakatakdang magbukas ang CMDI ng mga bagong programa at *track* na tutugon sa pangangailangan ng ating bansa. Sa kasalukuyan, ang CMDI ay may apat na mga programa - BS Entrepreneurship, BS Information System (BSIS), BS Accountancy (BSA), at ang bagong naaprubahan na BS Accounting Information System (BSAIS), at dalawang *track* sa SHS.

"Magbibigay rin kami ng marami pang *scholarship slots* lalo na para sa mga kabataang nangangarap na umunlad ang pamumuhay," sabi ni Dr. Dolores M. Torres, dean ng Department of Business Management ng CMDI, at idinagdag na ito ay bahagi ng programang "One Family, One Graduate" ng CARD MRI.

Ayon kay Dr. Torres, ang programa ay isa sa mga layunin ng CARD MRI upang matiyak na sa bawat pamilya na pinaglilingkuran nito, may isang makapagtatapos sa kolehiyo. "Mula rito, umaasa kami na mapabubuti ang kalagayan ng pamilya ng bawat mag-aaral," dagdag ni Torres.

Sa ngayon, may kabuuang 4,520 iskolar ang CARD MRI; 883 sa mga ito ay nasa mataas na paaralan, walo ay nasa SHS, isang bokasyonal na mag-aaral, 3,628 estudyante sa kolehiyo. Sa CMDI, mayroong 198 na iskolar mula sa grupo ng CARD MRI *scholar.*

"Sa aming patuloy na pagsusumikap, umaasa kami na marami pang kabataan ang makapagtapos ng pag-aaral na may hangaring makatulong sa pamilya at may pusong maglingkod sa bansa," pagtatapos ni Sarmiento.




## BotiCARD, isasakatuparan ang community-based pharmacy practice

ni DERICK LICOP

Nakatakdang ipatupad ng BotiCARD, Inc., ang parmasya ng CARD MRI, ang isang *community-based pharmacy practice* sa mga komunidad sa kanayunan upang makapagdala ng abot-kayang mga gamot na mas malapit at mas mapupuntahan ng mga kliyente, kanilang mga pamilya, at maging ng publiko.

Ang proyekto ay ang resulta mula sa mga diskusyon sa pagitan ng BotiCARD at mga kinatawan ng Philippine Pharmacist Association (PPhA).

"Upang mas mahusay na mapaglingkuran ang mga nangangailangang tao, kailangang tayo ay naroroon mismo sa kanilang mga komunidad. Dapat nating maunawaan ang kanilang mga medikal na pangangailangan at ang paraan ng pagbili at pagkonsumo ng mga gamot," sabi ni Rosenda P. Aquino, president at chairperson ng BotiCARD.

"Gumawa kami ng isang *information sheet* na dinisenyo upang malaman ang bilang ng mga miyembro ng pamilya na umiinom ng mga gamot sa isang *regular* na batayan at kung anong mga gamot ang kanilang iniinom," dagdag ni Aquino.

Ang mga nakolektang *profile* ay gagamitin sa pag-aaral kung ano-anong mga gamot ang pinaka-kailangan ng komunidad. Samakatuwid, ito ay isasaalang-alang ng BotiCARD sa pag-iimbentaryo nito.

"Batay sa mga karanasan ng mga kliyente ng CARD MRI, kadalasang kailangan pa nilang pumunta sa pampublikong pamilihan na medyo malayo para lamang bumili ng mga gamot na inireseta sa kanila," saad ni Aquino.

Upang matugunan ito, "ang pangunahing katangian ng *community-based pharmacy practice* ay isang sistema ng paghahatid ng gamot sa mga komunidad," dagdag ni Aquino.

Ang *pilot-testing* ng *community-based pharmacy practice* ay magaganap sa bayan ng Dolores, Quezon. Nagsimula na ang *client profiling* mula pa noong Abril 16, 2018.

Ang layunin ng BotiCARD, bilang miyembro ng CARD MRI, ay sugpuin ang kahirapan sa bansa sa pamamagitan ng pagbibigay ng proteksyong pangkalusugan sa mga kliyente ng CARD MRI at maging sa publiko sa pamamagitan ng abot-kaya, ligtas, at dekalidad na mga gamot kalakip ang tamang edukasyon at impormasyon sa paggamit nito.

# BALITANG PANREHIYON

## CARD MRI, nagdaos ng Kaunlaran Caravan sa Quirino

ni JEFF TANDINGAN

Nagbigay ng malawakang serbisyong pangkomunidad ang CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) sa bayan ng Diffun, Quirino noong Marso 23, 2018.

Nakatanggap ang lokal na komunidad ng mga serbisyong pangkalusugan, *financial literacy* para sa mga anak ng miyembro, oryentasyon ukol sa SSS, *seminar* sa pagpaplano ng pamilya, *livelihood trainings*, at *insurance awareness* sa pamamagitan ng mga institusyon sa ilalim ng CARD MRI at mga kasama nito.

"Gusto namin na matulungan ang mga maralitang pamilya. Layunin namin na makapagbigay ng mga produkto, programa, at serbisyo na tutulong sa mga pamilya na makaahon sa kahirapan," sabi ni Flordeliza Sarmiento, managing director ng CARD MRI.

**Programa sa Pagpapaunlad ng Komunidad**

May 484 na residente ng Diffun at mga kalapit-bayan ang natulungan ng naturang Community Health Day (CHD). Nakatanggap sila ng libreng medikal, *dental*, at *optical check-up,* at *discounted* na mga gamot.

Sa pagdiriwang ng buwan ng kababaihan, ang CARD MRI ay nagbigay rin ng *prenatal check-up* para sa mga buntis na miyembro ng CARD. Sila ay binigyan ng mga *pamper kit* para sa paghahanda sa kanilang panganganak. "Kami ay nagkakaloob ng mga serbisyo na nangangalaga sa kalusugan ng mga miyembro upang lumikha ng positibong epekto sa mga komunidad na aming pinaglilingkuran. Ang pagbibigay sa kanila ng *access* sa libre, abot-kaya, at dekalidad na mga serbisyong pangkalusugan sa pamamagitan ng aming pakikipag-ugnayan sa mga *healthcare provider*, CHDs, mga klinika sa komunidad, at mga laboratoryo ay bahagi ng aming kagustuhan na matulungan sila," ayon kay Dr. Roderick Belen, deputy director ng Microfinance and Health Protection (MaHP).

**Programang pangkabuhayan**

Sa naganap na *livelihood training*, may 34 na miyembro ang natuto kung paano gumawa ng *processed meat.* Ito ay magbibigay ng kaalaman sa mga kliyente ng CARD kung sakali mang sila ay magtayo ng negosyo.

Ang pagsasanay ay pinangunahan ng CARD-MRI Development Institute (CMDI). "Malaki ang aming pagpapahalaga sa edukasyon. Ang pagbabahagi ng bagong kaalaman at mga bagong karanasan sa aming mga kliyente ang maghuhubog sa kanila upang maging mas mahusay at responsableng indibidwal, "sabi ni Dr. Edzel Ramos, vice president ng CMDI para sa Learning and Development.

**Pagpapahalaga sa social security protection**

Inanyayahan ng CARD ang Social Security System (SSS) upang magbahagi ng kaalaman sa mga komunidad ukol sa kahalagahan ng pagiging miyembro ng SSS. Ang SSS ay kaagapay ng CARD sa pagtitiyak ng mga kliyente nito na sakop ng mga benepisyo ng nasabing kompanya. Ito ang unang Kaunlaran Caravan ngayong 2018 at dadalhin din ng CARD ang gawaing ito sa mga komunidad sa Visayas at Mindanao sa mga susunod na buwan ng taong ito.

**Pagpapalaki ng isang masinop na bata**

Isinagawa rin ang *financial literacy* para sa mga bata at kamag-anak ng mga miyembro upang turuan sila tungkol sa halaga ng pera at upang maipaunawa ang kahalagahan ng pag-iipon sa murang edad. Ang Rizal Bank, Inc. (RBI), isa sa mga *banking institution* ng CARD MRI, ay magbubukas ng sangay at micro banking offices (MBOs) sa lalawigan ng Quirino kung saan ang mga bata ay maaaring magbukas ng *kiddie savings account* para masiguro ang kanilang kinabukasan. "Ang pagbibigay ng edukasyon sa mga kabataan ay isa sa mga pangunahing layunin ng CARD MRI. Nais naming bumuo ng isang henerasyon na nagpapahalaga sa pananalapi upang matiyak ang kanilang hinaharap," ayon kay Ma. Adoracion Ola, senior regional director ng RBI.

**Pagbuo nang mas malakas na komunidad**

"Ang CARD MRI ay nasa tungkulin ng pagwaksi ng kahirapan sa loob ng 31 taon kung saan ang pagbuo nang mas matibay na kinabukasan para sa bawat pamilyang Pilipino ang pangunahing misyon namin. Nagbibigay kami ng mga programa at serbisyo na magpapaunlad sa aming mga miyembro na isinasaalang-alang ang kanilang iba't ibang pangangailangan upang maitaguyod ang kanilang pamumuhay," saad ni Sarmiento. Patuloy ang CARD sa paglikha ng mga produkto at serbisyo upang mas matulungan ang pamilyang Pilipino.



**Pagyakap sa makabagong teknolohiya.** Bumisita sa CARD Bank Pavia sa Iloilo City si Dr. Dolores Torres, isa sa mga *rural development practitioner* na nagtatag ng CARD MRI upang ibahagi ang magandang balita sa mga kliyente nito. Ibinahagi ni Dr. Torres ang malaking hakbang ng CARD Bank sa industriya ng *microfinance* sa pamamagitan ng paggamit ng *mobile phones* sa mga transaksyong pambangko. Sa pamamagitan ng teknolohiyang ito, napadadali nito ang pagbibigay serbisyo sa mga kliyente ng CARD Bank at nakapagbibigay rin ng positibong pagbabago sa komunidad. Bumibisita rin sa buong bansa ang iba pang mga pinuno ng CARD MRI upang ipamalita ang magandang dulot nito sa mga miyembro ng organisasyon. Inaasahan na sa pagtatapos ng taon ay maisasakatuparan na ang *core banking system* sa lahat ng sangay ng CARD Bank. - ni JEFF TANDINGAN



**EDITORYAL**

# Pagtatapos ang Simula




Muli na namang nagdaan ang araw na kinapapanabikan ng bawat mag-aaral – ang araw ng kanilang pagtatapos. Ang araw na ito ay sagisag ng kanilang tagumpay at ang pagbubukas ng bagong simula. Kabilang sa mga mag-aaral na nagpursigi at nagdiwang noong nakaraang buwan ang 88 mag-aaral sa *senior high*; 18 mag-aaral sa kolehiyo sa CARD-MRI Development Institute (CMDI), Bay Campus at 51 mag-aaral sa *senior high* sa Tagum Campus; iba pang mga iskolar ng CARD na nagsipagtapos, at mga pamilyang nakatanggap ng suporta sa pamamagitan ng *educational loan packages.*

**Balik-tanaw**

Nagsimula ang CMDI bilang isang *training center* noong 2000 upang magbigay ng serbisyo tulad nd tulong pinansyal, hanapbuhay, *microinsurance*, at iba pa. Bahagi ito ng adhikain ng CARD na maiangat sa kahirapan ang pamilyang Pilipino sa pamamagitan ng edukasyon. Noong 2015, ito ay naging isang *tertiary educational institution*. Makalipas ang isang taon, binuksan naman ang *senior high school* bilang tugon sa implementasyon ng K-12 *curriculum* sa ating bansa.

Ang mga unang kursong inialok sa kolehiyo ay ang BS Entrepreneurship Major in Microfinance at BS Information System dahil ang mga ito ay nakalinya sa *social entrepreneurship* na isa sa adhikain ng CARD. Ngayon ay may dalawa pang kursong naidagdag, ang BS Accountancy at BS Accounting Information System. Kabilang naman sa mga programa sa *senior high school* ang Accountancy, Business, and Management (ABM) at Techno-Vocational-Livelihood.

Bukod sa mga kursong ito, mayroon ding *master degree programs* tulad ng Master of Arts in Organization Development specializing in Microfinance Management, Master in Productivity and Quality Management major in Microfinance Management, at Master of Science in Development Management and Governance major in Microfinance Institution and Microinsurance Institutions.

Upang mapalakas ang mga programa ng CMDI, nakikipag-ugnayan ito sa iba't ibang kolehiyo at unibersidad. Nakikipag-ugnayan din ito sa Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) para mabigyan ng *accreditation* ang kanilang *training* at *livelihood programs.* Sa ngayon, mayroong apat na *campuses* o *training facilities* ang CMDI at ito ay mayroong 319 na mag-aaral mula sa kolehiyo at 516 na *senior high school students.*

**One Family, One Graduate**

Sa programang One Family, One Graduate, naghahandog ang CMDI ng mga *scholarship program* upang mas maraming mag-aaral ang matulungan. Tinitiyak nito na ang edukasyong makakamit ng mga mag-aaral ang tutulong upang maiahon sa kahirapan ang kanilang mga pamilya. Sa kasalukuyan, mayroong 4,520 iskolar ang CARD MRI – 883 mula sa *high school*, walo sa *senior high school*, isa sa *vocational*, at 3,628 mula sa kolehiyo. Ang CMDI naman ay mayroong 198 iskolar mula sa CARD MRI at 98 iskolar na hindi kasapi sa CARD MRI.

Isa sa mga benepisyaryo ng programang ito ay si Sarah Canillo. Pag-aani ng niyog ang kanilang pangunahing hanapbuhay upang buhayin ang kaniyang apat na anak. Siya ay kumuha ng *educational loan* upang masuportahan ang pag-aaral ng dalawa niyang anak na nasa elementarya. Ang napili niyang benepisyaryo para sa programa ay ang kaniyang anak na nasa ikatlong baytang ng elementarya.

Si Janeth Etok naman ay kumuha ng *loan* upang maipundar ang kanyang hanapbuhay na pagbebenta ng mga damit *online*. Siya ay mayroong dalawang anak at ang isa rito ay nag-aaral na sa elementarya. Ginamit niya ang *educational loan* upang mayroong maipambayad sa mga gamit sa pag-aaral at matrikula. Upang masuportahan ang pag-aaral ng kaniyang mga anak, siya ay kumuha ng *educational loan.*

**Dating iskolar, ngayon ay guro**

Si Abigail Amandy ay isang iskolar ng CARD MRI na nag-aral ng edukasyon sa kolehiyo at nagtapos bilang cum laude sa Southern Luzon State University (SLSU). Ngayon ay isa na siyang lisyensadong guro at nagtuturo sa Pagbilao Grande Island National High School sa Pagbilao, Quezon.

Hindi madali ang hinarap ni Abigail upang maitawid ang kanyang pag-aaral. Siya ay pumasok sa *e-load retail business* upang masuportahan ang kanyang pag-aaral. Noong humagupit ang bagyong Glenda sa bansa, lubos na naapektuhan ang hanapbuhay ng kaniyang pamilya dahil nasira ang kanilang mga palaisdaan at bangka.

Gustong patigilin ng kanyang mga magulang si Abigail dahil sa kakulangan sa pera. Pero hindi naging hadlang ang kahirapan para kay Abigail. Ginamit niya ang kanyang ipon mula sa kanyang baon at *scholarship.*

**Trainings para sa CMDI**

Bukod sa mga programang nabanggit, mayroon ding mga *training program* ang CMDI upang lalong mahasa ang kakayahan ng mga miyembro ng CARD MRI. Ito ay ang *need-based training courses* na nahahati sa *core courses* at *enhancement courses.*

Nagsasagawa rin ng programang Credit with Education (CwE). Nagkakaroon ng 15 minutong Pictorial Learning Conversations at Lakbay-Aral kung saan ang mga miyembro ng CARD MRI ay pumupunta sa mga makasaysayanglugar na parte ng bansa at iba pang mga opisina ng CARD.

Ang CARD din ay nakikipag-ugnayan sa iba pang institusyon sa bansa upang maturuan ang iba pang *microfinance institutions* tungkol sa *microfinance management.*

Nagbibigay din ng *online courses* ang CMDI sa pamamagitan ng CMDI Learning Resource Center (CMDI LRN). Labing-limang *microinsurance coordinators* ng CARD Mutual Benefit Association, Inc. (CARD MBA) ang nagsipagtapos sa programang ito noong ika-12 ng Abril.

**Arangkada, CMDI!**

Marahil ay maituturing na bago pa ang mga programang inilunsad ng CMDI ngunit hindi ito naging hadlang sa mga parangal na nakamit ng mga mag-aaral nitong nakaraang mga taon. Naging bahagi ng malaking tagumpay ng CARD at ng CDMI ang pagpupunyagi ng bawat mag-aaral nito sa tulong at suporta ng kanilang pamilya. Ating asahan na mas marami pang programang pang-edukasyon ang ating matatamasa upang tayo'y sabay-sabay na umangat sa kahirapan.

SULONG! Editorial Board

CARD MRI PUBLISHING HOUSE INC.
*Publisher*

Dr. Jaime Aristotle Alip
Flordeliza Sarmiento Marilyn Manila
*Editorial Advisers*

Dr. Edmund Centeno — *Editor-in-Chief*
Cleofe Figuracion — *Managing Editor*
Cyrene Grace Lubigan — *Associate Editor*

Arvi Borja — *Layout Artist*
Raffy Antes, Jeffrey Tandingan — *Writers*
Lyka Casamayor, Derick Licop — *Writers*

Nilalayon ng pahayagang ito na mabigyang inspirasyon ang bawat mambabasa upang lalong mapabuti at mapaunlad ang kaniyang sarili, pamilya, at bansa. Isinusulong namin ang tapat at totoong pagbabalita ng mga ulat na mahalaga para sa inyo. Para sa iba pang impormasyon, maaaring bisitahin ang www.cardmri.com, ang opisyal na website ng CARD MRI. Maaari ring tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala ng email sa cardmri.publishing@gmail.com o cardmri.corpcomm@gmail.com.

Ang SULONG! Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI ay inilalathala anim na beses sa loob ng isang taon tuwing kamakalawang buwan sa pamamagitan ng CARD MRI Publishing House Inc.

Para sa *advertising rates* at para bumili ng kopya ng Sulong, maaaring tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala ng email sa cardmri.publishing@gmail.com

CONTRIBUTORS
JP Sison
Rajec Amad
Aristopher Punzalan
Myrrh Caithlin Gutierrez
DSWD - Caraga
BS Entrepenurship Students
1st Year Block 3

CARD MRI PUBLISHING HOUSE INC.
M.L. Quezon St., City Subdivision,
San Pablo City, Laguna

CARD Mutually Reinforcing Institutions
Official Facebook page

www.cardmri.com
Official Website

# KUSINA ni ATE MD




## ENSALADANG PAKO



**Mga sangkap:**

- 1 bugkos (bundles) ng pako
- 2 pirasong kamatis
- 1/2 (kalahating) tasa ng suka
- 1 kutsarang bagoong (fish oil)
- 1 pirasong sibuyas
- 1 pirasong itlog maalat
- 1 kutsarang kalamansi
- 1 kutsaritang asukal

**Paraan ng pagluluto:**

1. Hugasan ang pako at kamatis.
2. Gayatin ang mga sangkap sa maliliit na bahagi.
3. Pagsama-samahin ang lahat ng sangkap.
4. Ihain ito habang sariwa pa.

Isa sa mga hilig kong gawin ay ang pagluluto. Ito ay isa sa mga simpleng kasiyahan ko: ang makapagbigay-tuwa sa aking pamilya at mga kaibigan sa pamamagitan ng masasarap at malinamnam na lutuin. Hindi man batid ng iba ay sinisiguro kong may matututuhan akong bagong *recipe* saan man ako dalhin ng aking mga paa.

Sa loob ng mahigit tatlong dekada ng paglilingkod sa ating mga nanay sa CARD MRI, marami na rin akong napuntahang lugar; marami na akong natutuhang bagong lutuin. Ngunit malayo man ang aking marating, may hinahanap pa rin ang aking panlasa: ang pagkain mula sa aking sariling bayan.

Sa unang edisyon ng pagbubukas ng aking kusina, nais kong ihandog sa inyo ang isang pagkaing ipinagmamalaki ng San Pablo, Laguna, ang lugar kung saan nagsimula ang CARD MRI: ang ensaladang pako o pako *salad*. Isa ito sa pinakapaborito kong ihain at isa sa makikitang pangunahing pagkain na inihahain ng CARD MRI Hijos Tours.

Ang pangunahing sangkap na pako o *fiddle-head fern,* ayon sa iba, ay sa umaga lang dapat kunin. Bagaman maraming makikitang pako sa palengke, ayon sa mga lokal na residente ng Laguna, mas masarap ihain ang pako na ikaw mismo ang namitas bago pa man sumikat ang araw. Pinakasamarap pa nga raw ito sa buwan ng Marso hanggang Mayo. Totoo nga naman, may mga bagay na mas magandang pinagsisikapan at hinihintay. Mas masarap nga naman ang tagumpay kung ito ay pinagtatrabahuhan.

Ganito rin ang kultura sa CARD MRI. Napakahalaga sa amin ng oras. Bawat minuto ay tinuturing naming oportunidad upang makamit ang aming misyon na wakasan ang kahirapan sa bansa. Bawat umaga sa aming buhay ay pagkakataon na mas mapabuti ang pamumuhay ng bawat pamilyang Pilipino.

Napakasimple lamang ng mga sangkap ng pako *salad*, lalo na ang paghahanda. Ito ay kasing simple ng CARD MRI na ang layunin ay maitaguyod ang kaunlaran sa bansa, kaalinsabay ng paghihikayat sa bawat kasapi at kawani na magkaroon ng simple at masayang pagsasama gaya ng isang pamilya. Tama --- gaya ng isang pamilya! Bilang isang magandang halimbawa, taglay ng bawat empleyado ng CARD MRI ang diwa at pusong makapamilya. Pagkalinga sa bawat isa ay tiyak na madarama.

Sa simpleng litanya na, "kamusta ka? Okay ka naman ba?", na nauuwi sa mahaba-habang usapan at kwentuhan, habang nilalasap ang sarap ng pagkaing nakahain sa mesa. Kaya nga, para sa mga empleyado ng CARD MRI, kapiling man nila o malayo man ang bawat isa sa kani-kanilang mga tunay na pamilya, nararamdaman parin nila ang saya ng pagsasama ng isang pamilya.

Bilang nanay at bilang inyong Ate MD ng CARD MRI, hangad ko ang maibahagi ang isang pagkain at usaping simple ngunit siguradong may maidudulot na masarap at mabuting samahan.

# PAYO ni BOSS

Dear Boss, mayroon po akong pangarap at mga nais gawin sa buhay pero hindi ko alam kung saan at paano magsisimula. Ano po ba ang naging inspirasyon ninyo sa pagsisimula ng CARD MRI? - K-12 Student, 18 taong gulang mula sa Bay, Laguna

**Dear K-12 Student,**

Una ay aking pagbati ng maligayang pagtatapos sa iyo at sa lahat ng unang *batch* ng K-12 program. Ikinagagalak kong ibahagi sa inyo ang naging inspirasyon ko sa pagsisimula ng CARD MRI. Kami ay nagsimula sa isang simpleng pangarap at sa isang simpleng layunin.

Lahat ng ating ginagawa ay tiyak na may dahilan at hindi dahil sa wala lang. Anong saysay ng ating oras at pagod kung para sa wala lang din naman? Bakit ka nagsusumikap? Para saan? Para kanino?

Ang naging inspirasyon ko noon ay ang aking mga magulang. Ang aking tatay ang nagturo sa akin kung paano magkaroon ng puso sa kapwa. Siya 'yung tipong lahat ay kayang ibigay para lang matugunan ang pangangailangan ng iba. Ang aking inay naman ang nagturo sa akin ng palabra de honor na kung may hiniram ka, kailangan mo itong ibalik.

Napagtanto ko na kung pagsasamahin ko 'yung mga pamamaraan nila sa pagtulong sa kapwa ay mas magiging epektibo at *sustainable* ito. Kaya ang CARD noong 1986 ay nabuo para "tulungan ang mahihirap na tulungan ang sarili nila."

Sila ang naging dahilan kung bakit ako nagkaroon ng isang pangarap: ang maitatag ang CARD MRI upang matulungan ang mga mahihirap.

Noon, kulang ang CARD MRI sa aspetong pinansiyal. Ngunit sa tulong at awa ng Diyos at ng aking mga kasama, ang pagnanasa namin na makatulong sa kapwa ay nakita ng mga taong may busilak ding kalooban. Isa na nga rito si Prof. Takayoshi "Prof. Taka" Amenomori, na general secretary ng Asian Community Trust (ACT) ng Japan noong 1988. Siya ang unang nagtiwala at sumuporta sa aming adhikain.

Sa pamamagitan ng *funding* galing kay Prof. Taka, sinimulan namin ang pagpapahiram ng puhunan sa mga "*landless poor women*" sa San Pablo, Laguna. Hanggang sa lumaki at lumago ang CARD MRI, na binubuo na ngayon ng dalawampu't isang (21) institusyon, sa buong Pilipinas at sa ibang mga bansa. Ngunit ano man ang naabot ng CARD MRI ngayon, kung paano lumago at umunlad, isang bagay pa rin ang tiyak: ang CARD MRI ay may simpleng simula, na nabuo sa isang pangarap, at nagpapatuloy sa layunin na tumulong sa kapwa.

Huwag ding kalilimutan na ano man ang marating niyo sa buhay ay matuto pa rin tayong lumingon sa mga taong tumulong sa atin. *Always look back, pay back, and pay forward.* Tandaan natin na wala tayo ngayon sa ating mga kinatatayuan kung wala sila. Kagaya sa CARD MRI, wala rin kami kung wala ang mga taong tumulong at naniwala sa amin.

Kalimitan ay hindi madali ang pag-abot ng ating mga pangarap ngunit lahat ay kayang gawin basta ang dedikasyon at ang mabuting hangarin ng puso ay kasama palagi. Ang parati ko ngang sinasabi noon, hindi natitinag ang pusong nagmamahal. Habang may pag-ibig tayo sa ating puso para sa ating pamilya at kapwa, makakamit natin ang ating mga pangarap.

Muli, maligayang pagbati ng pagtatapos sa inyong lahat at patnubayan nawa kayong palagi ng Panginoong Diyos.

*May nais ka bang itanong kay Boss? Ipadala ang iyong tanong sa cardmri.publishing@gmail.com upang siya mismo ang magbigay sa iyo ng makabuluhang payo!*





# Alabat, Quezon, itinanyag bilang Makapuno Island of the Philippines

ni MYRRH CAITHLIN L. GUTIERREZ

Naitanyag ang Alabat, Quezon bilang kauna-unahang Makapuno Island of the Philippines noong Pebrero 16, 2018, kaalinsabay ng paglunsad ng Makapuno Island Project.

Ang Makapuno Island Project ay naglalayon na mapaunlad ang industriya ng makapuno sa CALABARZON lalo't higit sa isla ng Alabat, Quezon. Naglalayon din itong makapag-ambag sa ekonomiya ng bansa sa pagkakaisa ng DOST-CALABARZON at ng Southern Tagalog Consortium for Industry and Energy Research and Development (STCIERD).

Sa tulong ng iba't ibang ahensiya gaya ng Philippine Coconut Authority (PCA IV-A); Department of Agriculture (DA IV-A); Southern Luzon State University (SLSU); Local Government Unit ng Alabat, Perez, at Quezon. Sa tulong ng Department of Trade and Industry (DTI IV-A); Department of Labor and Employment (DOLE IV-A); National Irrigation Association (NIA IV-A); Office of the Provincial Agriculturist-Quezon; at ng Office of the Congresswoman Angelina Tan at iba pa, ay naitatag at napasimulan ang Makapuno Island Project.

Nagsagawa ng *launching ceremony* na dinaluhan naman ng Philippine Chamber of Commerce (PPC-Toronto) at ng Trade Mission Delegates mula sa Canada.

Dumalo rin sina Dir. Marilou Toledo, regional director ng DTI IV-A, Engr. Arnel De Mesa, regional executive director ng DA-CALABARZON, Milo Placino, presidente ng SLSU, Kim Darren Pabilonia, representante ng Regional Director ng DOLE IV-A, Alkalde Ma. Carida Clacio ng Perez, at Alkalde Pepito Reyes ng Quezon at ang mahigit sa 100 benepisyaryong mamamayan mula sa isla ng Alabat ang nagtipon sa nasabing pagdiriwang.

Matapos ang isinagawang *launching ceremony* ay sinimulan ang pagtatanim ng mga punla ng makapuno sa Brgy. Villa Jesus Weste, Alabat, Quezon.

Taos-pusong pasasalamat naman ang ipinaabot ni Alkalde Fernando L. Mesa ng Alabat, sa lahat ng mga ahensiya na naging kaisa nila upang maisakatuparan ang pagbuo ng Makapuno Island Project.

## AWIT NG KABATAAN

### CARD MRI Tulay sa Pag-asenso

(Composed by BS Entrepenurship Students 1st Year Block 3 and Edited by Ms. Glenda Castronuevo)

Nagsasaayos ng mga programang
makatutulong sa'ting bansa
May pangkalusugan, pangkabuhayan, at
pang-edukasyon,
Lahat ng produkto ay abot-kaya na.
Para sa atin…(2x)

**Koro:**

Kaya sa buhay ko, marami nang nabago
CARD MRI, saludo kami sayo
Simula noon hanggang ngayon
Kailanman, di magbabago
Mananatili kami sa buhay n'yo

Nagsimula sa bente pesos ngayo'y ilang libo
Dumagsa rin ang mga miyembro
Ganun din sa mga eskwela,
noo'y bilang ka pa
Ngayon ay dumadami na.

**Ulitin ang Koro:**

I-scan at i-download ang kantang ito gamit ang QR code.



# BALITANG PANG-EDUKASYON

## Libreng matrikula ng mga estudyante, ibibigay sa State Universities

ni JP SISON

Kasabay ng milyon-milyong mag-aaral na nagsipagtapos sa Senior High School ay ang malaking bilang ng mga estudyanteng papasok sa kolehiyo. Dahil dito, kabilaan na ang isinasagawang paghahanda ng mga paaralan at unibersidad upang makakuha ng mataas na bilang ng estudyante para sa nalalapit na pagbubukas ng pasukan sa taong ito.

Bagama't itinuturing na magastos ang pag-aaral sa kolehiyo ay masasabing marami pa rin ang mga mag-aaral na nais makatapos at magkaroon nang maayos na trabaho sa hinaharap. Kaya naman, isang magandang balita lalo na sa mga mag-aaral na nagbabalak pumasok sa *state universities* ang libreng matrikula na ibibigay at pinondohan ng gobyerno simula sa taong pampaaralan 2018-2019.

Ang libreng matrikula ay pormal na inilunsad ng Commission on Higher Education (CHED) kasabay ng mga alituntunin at batas na nakapaloob sa mga panukala ng pamahalaan. Tinatayang nasa 112 na kolehiyo, 78 *local universities* at *technical vocational programs* ang ilan sa mga makatatanggap ng nabanggit na *free tuition fee.*

Nakasaad sa Republic Act No. 10931 o Universal Access to Quality Tertiary Education Act, ang mahahalagang impormasyon at paraan kung paano makakukuha ang isang mag-aaral ng benepisyo mula sa naturang panukala. Kabilang din dito ang mga kasunduang dapat malaman ng isang mag-aaral upang mapanatili ang matatangap na benepisyo habang nasa kolehiyo pa lamang. Naglaan na ng P40 bilyon ang OIC (officer-in-charge) ng CHED na si Prospero De Vera III na magsisilbing pondo para sa unang taon ng implementasyon sa nasabing programa.

Inaasahan naman ng ilang opisyal kabilang na ang mga senador na sina Ralph Recto, Juan Edgardo Angara, at Paolo Benigno Aquino IV na ang panukalang ito ay makatutulong sa maraming kabataang Pilipino sa pag-abot ng kanilang mga pangarap sa pamamagitan ng pagkakaroon ng ganitong benepisyo mula pa lamang sa pag-aaral sa kolehiyo.

## Mag-aaral ng K-12, handa na sa hamon ng buhay

ni JP SISON

Tatlong taon na rin ang nakalipas nang opisyal na buksan ang isa sa mga bagong programa ng Kagawaran ng Edukasyon: ang K-12 Basic Education Curriculum. Kasabay ng programang ito ay ang karagdagang dalawang taon na gugugulin ng mga mag-aaral sa mataas na paaralan - ang Senior High School. Kaliwa't kanan man ang naging komento at reaksiyon ng marami sa naturang panukala, masasabing naging matagumpay pa rin ang isinagawang implementasyon nito sa lahat ng pampubliko at pribadong paaralan sa iba't ibang panig ng bansa.


Inaasahan ng mga tagapagpanukala ng programang ito na ang huling dalawang taon ng mag-aaral sa Senior High School ay makatutulong upang hasain at ihanda ang kakayahan at talento ng mga ito sa pagharap sa iba't ibang hamon at larangan ng buhay. Ang nabanggit na panukala ay nakatuon sa ispesipikong disiplina o *track* na maaaring pagpilian ng mga mag-aaral ayon sa kanilang kakayahan. Kabilang sa *tracks* na ito ang ABM (Accountancy and Business Management), HUMMS (Humanities and Social Sciences), STEM (Science, Technology, Engineering and Mathematics) at GAS (General Academic Strand).

Sa pagtatapos ng taong-pampaaralan ay isinagawa ng libo-libong mataas na paaralan sa parehong pribado at pampublikong paaralan ang kauna-unahang *Recognition and Graduation Rites* sa Senior High School. Kabilang sa mga nagsipagtapos mula sa iba't ibang *track* ang mga mag-aaral ng hayskul na handa nang harapin ang panibagong hamon ng buhay: ang kolehiyo. Gayon din, inaasahan na ang mga mag-aaral na nagsipagtapos ay maaari nang pumasok sa mga trabaho kung saan maiaaplay nila ang *life skills* na natutuhan mula sa Senior High School.

Bagama't aakyat at tatahak ng panibagong hamon at yugto ang mga mag-aaral ng Senior High School, naniniwala ang Kagawaran ng Edukasyon sa pamumuno ng kalihim na si Leonor Briones na handa nang makipagsabayan ang mga batang ito sa mga susunod na hamon sa aspekto ng maayos at malinaw na komunikasyon, pakikipagkapwa-tao, pagkamalikhain, at mapanuring pag-iisip.

Kabilang sa mga inaasahang pagganap ng mga nagsipagtapos ay ang layuning mapaunlad ang buhay at estado ng bawat isa sa pamamagitan ng kalidad na edukasyon bilang resulta ng programang K-12.

# ENTERTAINMENT





## FOLLOW YOUR DREAMS
CROSSWORD PUZZLE

### ACROSS

2. Knowledge of mathematical and natural science.
5. Controls and operates aircraft.
6. Advise and represent individuals, on legal issues and disputes.
9. Chief cook of a restaurant.
11. A person who navigates water vessels.
12. Person who uses written words in various style and techniques to communicate their ideas.
13. Person who portrays a character in performance.
15. A composer, conductor, or performer of music.
17. Studies the normal and abnormal mental states.

### DOWN

1. Include taxation laws, managerial accounting, and auditing.
3. Promotion of health, prevention of illness, and care of physically ill, mentally ill, and disabled people of all ages.
4. Helps others to acquire knowledge, competence or values.
7. Professionally involved in politics.
8. A practitioner of medicine.
10. To protect people and prevent crime.
11. Also known as flight attendant or cabin crew.
13. Plans, designs, and reviews the construction of buildings.
14. Engage in agriculture.
16. The diagnosis, prevention, and treatment of oral cavity.

Answers from last issue:

1. TRAVEL
2. SHAKE
3. EATING
4. ILOCOS
5. BOATS
6. SIARGAO
7. SNORKELING
8. ADVENTURE
9. BAGUIO
10. KAYAKING
11. CAMPING
12. HIKES
13. TENT
14. GOTO
15. SORSOGON
16. SAGADA
17. EXERCISE
18. GUIMARAS
19. EXPLORE
20. ESCAPE
21. BORACAY
22. ETOUR



# KWENTO NG TAGUMPAY




## Siya na hindi sumuko sa laban

ni LYKA CASAMAYOR

Ano ang gagawin mo kung sa isang iglap ay mawawala ang lahat ng bagay na pinaghirapan mo tulad ng mga bagay na ipinundar mo sa loob ng maraming taon? Maaaring ang iba ay titingala na lang sa kalangitan at tatanungin ang maykapal kung bakit ito nangyari. Ang iba naman ay ibabaling ang sisi sa mga taong nakapaligid sa kanila upang mawala ang sakit. O di kaya'y magsinungaling sa sarili at sabihing, "Tapos na!" pero may ilan pa ring mananatiling nakatayo at pipiliing lumaban sa kabila ng pagsubok na naranasan.

Isang halimbawa si Jennifer Hinampas, 59 taong gulang, mula sa Carmen, Davao del Norte. Wala siyang ibang inisip kundi ang maging mabuting ina sa kanyang mga anak upang maibigay ang pangangailangan ng mga ito. Bagaman dumanas siya ng maraming pagsubok sa negosyo, masasabi niya na ang kanyang *carenderia*, *barbeque stalls*, at *sari-sari store* ay nagtagumpay na ngayon.

Bago pa man mangyari ang insidente, nakakuha si Jenny ng *loan* sa CARD, Inc. (A Microfinance NGO), isang *social development organization* na nagbibigay ng *microloans* upang suportahan ang negosyo ng mga kababaihan at pamilya nito.

Taong 2013 nang maging miyembro siya ng nasabing organisasyon at hanggang ngayon ay aktibo pa rin siya sa pag-iimpok at pagkuha ng *loans* dahil sa paglago ng kanyang negosyo.

Sinong makapagsasabi sa maaaring mangyari kinabukasan? Sino nga ba ang nakakaalam sa kahihinatnan ng hinaharap? Nobyembre 2016 nang matupok ng apoy ang puwesto ni Jenny sa bayan ng Carmen kasama ang mahigit 20 puwesto pa. Kasama ring nasunog ang mga mahahalagang dokumento, mga gamit sa pagluluto, maging ang perang nakuha mula sa kaniyang *loan* sa CARD, Inc.

"Akala ko talaga ito na 'yong negosyo na magbibigay liwanag sa mga pangarap ko, kaya namuhunan talaga ako ng malaki para dito. Binigay ko ang lahat-lahat pero ganun kabilis ang mga pangyayari," kuwento ni Jenny habang naiiyak.

"Sabi ko sa sarili ko: marami na akong pinagdaanan at sigurado akong anuman ang dumating na pagsubok sa akin, kaya ko itong lampasan," dagdag niya. Sa kasalukuyan, nagsimulang muli si Jenny na may matibay na pananampalataya.

Tinulungan siyang muli ng CARD, Inc. sa pamamagitan ng *loan*. Dahil sa walang *collateral* ang ibinibigay na *loan* ng CARD, Inc., malaki ang naging tulong nito kay Jenny.

"Makikita natin ang ating itinatagong kakayahan kung tatanggapin natin ang ating mga kahinaan at mararanasan nating manalo sa laban kung natuto tayong lumaban," pagtatapos ni Jenny.

---

# My journey and experiences during OJT

ni RAJEC C. AMAD | *CMDI STUDENT, BLOCK 3*

One of the major requirements in finishing a degree in college is to undergo an on-the-job training (OJT). It is said to be crucial and significant because OJT is the time for students like me to translate all the (theoretical) learning we have acquired in class into practice.

My OJT assignment was in CARD Bank, Inc. Matina Branch. I was assigned by our dean, Dr. Dolores M. Torres, to experience the work of a regional director (RD). At first, I thought it is just an easy job because RDs just attend center meetings, and do field monitoring, among others. When I, however, immersed myself on the ground, I realized how challenging it is to be one.

The regional director supervises the daily transactions of the branch. If the branch is not performing well, the whole operation of the bank will be in danger. Hence, a leader that is firm, strategic, and with a heart is needed. These are the things I have realized during my OJT, and of course, the things I have to embody when I go back to my work.

I am now working at CARD, Inc. (A Microfinance NGO). Working here is a blessing I received from Allah (God) because, after a few attempts of applying for work in many companies, it is only CARD, Inc. that accepted my application. I am always neglected not because I only finished a two-year course, but because I am a Muslim.

My search for work back then was the time when there's widespread terrorism. Many news mention that Muslims are terrorists.

I always challenge myself to put excellence and integrity in all of my works. Days, months, and years have passed by, and I proved to CARD, Inc. and other companies that "I am not a terrorist".

I am also thankful to CARD, Inc. for giving me the opportunity to continue my college schooling to earn a degree for free. All the hardwork and sacrifices paid off. In 2015, CARD sent me to CARD-MRI Development Institute (CMDI) Bay campus in Laguna. This opportunity meant a lot to me. I felt being valued as an employee.

Now, I am almost done with my schooling. Just one more year and I will finally be a degree-holder. This is worth celebrating and beyond that, this will be a greater responsibility on my end to continue becoming excellent.

My practicum hours were done already and I am very thankful to all the people in CARD Bank, headed by RD Ace Montes, for their steadfast support to my journey. All my questions are entertained accordingly. Indeed, I have learned so much about the banking operations of a microfinance institution.

Although some transactions are just the same with what we do in CARD, Inc. such as center meetings and collections, there are still so many unique processes that are applicable only to the bank.

Moreover, the experience that I loved the most during my OJT was to see how CARD Bank staff are embodying the core values of CARD MRI. Wherever I go, I observed that all staff are holding the core values of CARD, especially when they are dealing with their beloved clients. Above all, treating me as part of their family is incomparable.

Lastly, I felt that CARD is not only a workplace but a home where you can find the true spirit of a family and a friend. At CARD, you can always learn and experience how to develop and enhance your skills to be a better employee someday. and these are the things I am blessed and thankful of.

**Long live,
CARD MRI!**

# CafeLandia: isang masarap na timpla ng mga pangarap




**Hanap mo ba ay isang magandang lugar na maaaring magmuni-muni, magkuwentuhan kasama ang barkada, magbonding kasama ang buong pamilya, o magmeeting kasama ang mga ka-opisina?**

The best na lugar para d'yan ang CafeLandia Coffee and Tea Bar at PUB91 na matatagpuan sa Daang Maharlika Highway, Brgy. 1-B, San Pablo City, Laguna.

"A dream coffee shop of Toyto," iyan ang pasimula ng CafeLandia.

Nagsimula lamang sa pangarap ng isang pusong naghahangad na makapagtayo ng sariling negosyo na magpapamalas sa kaalamang natutuhan mula sa kaniyang tinapos na kursong Hotel and Restaurant Administration sa Lyceum of the Philippines noong 2013, ang CafeLandia Coffee and Tea Bar ang katuparan ng pangarap na ito ni Filmin Joseph Torres o mas kilala sa tawag na "Toyto".

"CafeLandia Coffee and Tea Bar" ang pangalan ng kaniyang itinayong coffee shop alinsunod na rin sa piniling pangalan na kaniyang ama na si Filmin Segundo Torres. Matapos ang halos dalawang buwang masugid na pagpaplano noong 2013, sinimulan nilang bigyang katuparan ang pangarap na coffee shop.

Bilang bahagi na rin ng paghahanda sa pagbubukas ng kaniyang coffee shop, napagpasyahan ni Toyto na muling mag-aral kasama ng kaniyang assistant na si Edzher Mabilangan sa Philippine Barista Academy sa GreenHills, San Juan City para sa karagdagan pang kaalaman patungkol sa coffee making at brewing.

Ayon kay Toyto, "*Understanding the history of coffee and how it is being produced with the highest quality is a must for a barista.*"

Kasabay ng kanilang pagtatapos sa pag-aaral ay ang pagbubukas ng kaniyang coffee shop noong Nobyembre 12, 2013 sa Daang Maharlika Highway, San Rafael, San Pablo City, Laguna, kung saan pangunahin sa kanilang mga isini-serve ay kape, cakes, frappes, at sandwiches.

Ngunit hindi lamang simpleng kape, cakes, frappes, at sandwiches ang kanilang ibinibigay sa kanilang costumer. Lahat ng ito ay may tatak CafeLandia na tunay ngang nagmarka sa panlasa ng kanilang mga customers.

Kaya nga sa loob lamang ng mahigit apat na taon, napagdesisyunan nilang ilipat ang CafeLandia sa mas malawak na lugar upang magpatuloy pa nang mas maraming indibidwal, pamilya, o magkakaibigang nais bumuo ng makukulay na moments ng buhay.

Kasabay ng paglipat na ito ay binuksan rin ang Pub91, kung saan maaari ring mag-chill at mag-bonding ang barkada at pamilya.

Sa paglipat at pagbubukas nga ng bagong CafeLandia, pasasalamat ang nais ipa-abot ni Toyto sa lahat – una, sa kabutihang kaloob sa kaniya ng Diyos at pangalawa, sa pagmamahal at walang sawang pagsuporta ng kaniyang pamilya.

Sa kasalukuyan, patuloy na binabalik-balikan ng mga magkakaibigan, magkakapamilya, at mga negosyante ang kakaibang sarap ng timpla at samyo ng aroma at kape ng CafeLandia.

# Family Spirit, Stewardship, at Integrity: mga core values na aking pinanghahawakan

ni ARISTOPHER PUNZALAN

***"Saan man ako mapunta at makarating, ang family spirit, integrity , at stewardship na natutuhan ko sa CARD MRI bilang staff ay palagi kong dadalhin."***

Pagdating sa trabaho, hindi maiiwasan ang tinatawag na *re-assignment* at sa madalas na pagkakataon ay itatalaga ka sa kung saan mang lugar; sa mga lugar na hindi mo naiisip na mararating mo pala.

Sa mahigit 15 taong pagtatrabaho ko sa CARD MBA, masasabi kong hindi na mabilang sa aking mga daliri ang mga lugar na napuntahan ko, sa Luzon, Visayas, at maging sa labas ng Pilipinas gaya ng Cambodia. Lahat ng iyan ay dahil sa trabaho ko. Halos nagtagal din ako ng apat na taon sa ibang bansa bago ako bumalik ng Pilipinas at muling nalipat sa Luzon.

Sa mga ganitong pagkakataon na nalilipat ako sa ibang lugar, hindi ko maiwasang hindi isipin kung magiging maayos ba ako sa lugar na bago kong pagtatrabahuan, at kung magagawa ko rin ba doon ng maayos ang trabaho ko. Ganunpaman, ang sabi ko sa sarili ko ay dapat maging positibo lang palagi. Kahit na malungkot dahil may maiiwan ka, ma-mimiss mo ang mga katrabaho mong tinuring mong pamilya.

Kaya nga noong Marso 27, 2018 sa pagdiriwang ng isang simple ngunit makahulugang *farewell party* na inihanda para sa akin ng aking mga kasama at kapamilya sa CARD MBA ay hindi ko maiwasang maging emosyonal sa pagpapabot ng aking huling mensahe matapos kong sabihin sa kanila na tuloy na sa Abril 2 ang aking paglilipat sa CARD Pioneer Microinsurance Inc. (CPMI).

Malungkot man pero dahil sa atas ng tungkulin kung saan higit na magagamit ng insitusyon ang talento at kakayahan ko, kailangan kong maging bukas sa mga oportunidad at pagkakataong ibinibigay sa akin.

Ang palagi ko lamang tinatandaan ay ang tatlong *core values* na natutuhan ko sa CARD MRI; ang *family spirit*, *integrity*, at *stewardship*. Taglay ang tatlong ito ay nagiging mabunga ako sa paggawa at sa aking trabaho.

Bagong opisina, bagong kasama, at panibagong simula, malaki man ang pinagkaiba ng Makati kumpara sa mga probinsya kung saan ay madalas akong na-assign, masasabi kong hindi naman nawala ang diwang taglay ng CARD. Sa maikling panahon na nakakasama ko ang mga bago kong katrabaho, ang samahang pampamilya ay damang-dama ko rin naman sa kanila. Ang mga kwentuhan at tawanan tuwing *break time* at uwian ay maririnig mo sa apat na sulok ng opisina.

Minsan ang kalimitang biruan, "Alam niyo dito sa opisina kahit saan ka maglagay ng pera ay hindi mawawala magkano man ang halaga, pero ang *ballpen* bakit parang...may kumakain ba sa inyo ng *ballpen* o baka naman ginawa niyo ng negosyo ang pagtitinda ng *ballpen*?" kasunod noon ay ang malakas na tawanan at alam na ng bawat isa kung ano ang ibig sabihin ng kanilang kasama.

Sasagot naman ang isa, "Sino bang nawawalan ng *ballpen*? Hindi ba pangunahing itinuturo ng CARD ay ang *stewardship*, ibig sabihin nararapat na matuto tayong magsinop at mag-ingat ng mga kagamitang ipinagkatiwala sa atin. Naku naman..."

Sa mga ginagawang transaksiyon, ang *ballpen* ay palaging kailangan. Minsan ay nagkakaubusan at naghihiraman kaya pagkatapos ng trabaho ay hindi maiwasang maisingit sa usapan. Palagi mang nagbibiruan, pagdating naman sa trabaho ay sukat namang subok ang integridad ng bawat *staff*.

Tunay ngang buhay na buhay ang *family spirit*, *integrity* at *stewardship* na dala-dala ko at taglay rin ng mga kasama ko.




# MSME owners, nakilahok sa TRAIN Law Orientation

(DSWD-CARAGA)

Lumahok ang ilan sa mga Micro, Small, and Medium Enterprise (MSME) *owners* sa isinagawang TRAIN Law Orientation ng Department of Social and Welfare Development (DSWD) sa pamamagitan ng Livelihood and Enterprise (L&E) *modality* ng Kapit-Bisig Laban sa Kahirapan-Comprehensive and Integrated Delivery of Social Services (Kalahi-CIDSS). Ginanap ito sa DSWD Caraga Conference Hall noong Abril 6, 2018.

Ito ay isinagawa upang madagdagan ang kaalaman ng mga MSME owners tungkol sa reporma sa buwis na tinatawag na TRAIN o "Tax Reform for Acceleration and Inclusion."

Tinalakay ni Revenue Officer Ellezer E. Dumaran ang mga pagbabago sa Personal Income Tax (PIT) at ang ilang epektong maidudulot nito sa kanilang mga negosyo.

Bingyang-diin ni Dumaran na maigi kung mga napapanahong libro ng *accounting* ang kanilang gagamitin, gayundin ang marapat na pagbabayad ng buwis sa tamang oras.

Matapos ang talakayan, ay nagkaroon naman ng *open forum*, kung saan ay malayang nakapagtanong ang mga nakilahok tungkol sa TRAIN Law.

Ang isinagawang oryentasyon ay dinaluhan din ng mga representante ng Regional Program Management Office (RPMO) at ng Area Coordinating Teams (ACT).

